**ABISO NG PAGIGING AVAILABLE ng isang**
**DRAFT NA ULAT NG EPEKTO SA KAPALIGIRAN para sa**
**TIDELANDS AVENUE ELECTRIC TRUCK HUB PROJECT**

---

Ibinibigay ang Abiso dahil ang **San Diego Unified Port District (Distrito)**, bilang namumunong ahensiya sa ilalim ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California, ay naghanda ng Draft na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report, EIR) para sa Tidelands Avenue Electric Truck Hub Project (proyekto). Available ang Draft na EIR sa loob ng pinakamababang 45 araw na panahon para sa pagsusuri ng publiko. Nilalayon ng abisong ito na abisuhan ang mga ahensiya at mga miyembro ng publiko na maaaring interseado sa proyekto tungkol sa pagiging available ng Draft na EIR, at ang mga pamamaraan para sa pagsusuri at komento ng publiko sa Draft na EIR.

**Pamagat ng Proyekto:** Tidelands Avenue Electric Truck Hub Project (UPD #EIR-2025-055, SCH #2025060903)

**Aplikante ng Proyekto:** Skychargers LLC

**Lokasyon ng Proyekto:** 1640 Tidelands Avenue, National City, CA in San Diego County

**Buod ng Paglalarawan ng Proyekto:** Ang iminumungkahing proyekto ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi: (1) mga stall sa pag-charge at pagpaparada ng truck na sasakyan na zero ang emisyon (zero-emissions vehicle, ZEV), (2) photovoltaic (PV) na canopy, (3) sistema ng imbakan ng enerhiya mula sa baterya (battery energy storage system, BESS), (4) convenience store, at (5) mga pagsasaayos ng imprastraktura. Nilalayon ng iminumungkahing proyekto na paglingkuran ang mga electric truck na madalas bumisita at maglingkod sa kalapit na mga terminal na pandagat at iba pang may kaugnayang pasilidad ng imbakan sa lugar.

Magkakaroon ng kabuuang 70 stall sa pag-charge ang iminumungkahing proyekto. Magiging available ang lahat ng 70 stall sa pag-charge para sabay-sabay na i-charge ang mga truck. Hanggang 30 truck ang inaasahang gagamit ng site sa inisyal na taon ng pag-operate bilang bahagi ng programang Trucking bilang Serbisyo (Trucking as a Service, TaaS), na isang serbisyo kung saan maniningil ng karaniwang buwanang fee at bilang kapalit, makakakuha ang truck operator ng ganap na na-charge at na-maintain na truck para pumunta sa trabaho. Dahan-dahan, 16 na karagdagang truck ang maaaring idagdag sa programa sa susunod na 3 hanggang 5 taon. Dagdag pa rito, magkakaroon ng imprastraktura para sa pag-charge ng ZEV truck sa site para suportahan ang mga transportasyon at kagamitan na mula sa gobyerno, mga lokal na negosyo na mayroong mga truck feelt, at mga pampasaherong sasakyan, na umaasa sa available na kapasidad, na bibigyan ng prayoridad ang mga ZEV truck na naglilingkod sa Distrito. Bilang bahagi ng programang TaaS, ang mga kalahok na operator ay maaaring may nakatalaga at nakalaan na mga stall para sa paradahan/mga charge port, at bibigyan ng prayoridad ang mga kalahok na truck na naglilingkod sa isa sa dalawang marine cargo terminal kaysa sa lahat ng iba pang sasakyan para sa mga stall sa pag-charge. Lalagyan ng mga gate ang site na maaaring gamitin para sa access control kung kinakailangan para ipatupad ang prayoridad ng paggamit.

**Mga Posibleng Epekto sa Kapaligiran:** Sinusuri ng Draft na EIR ang posibleng malaking mga epekto sa kapaligiran sa: Kalidad ng Hangin, Enerhiya, Mga Panganib at Mapanganib na mga Materyal, Hydrology at Kalidad ng Tubig, Ingay, Transportasyon, at Mga Naipon na Epekto.

**Pagiging Available ng Draft na EIR:** Available ang Draft na EIR para sa pagsusuri ng publiko sa normal na mga oras ng negosyo sa Office of the District Clerk, 3165 Pacific Highway, San Diego, CA 92101-1128. Maaaring tingnan ang Draft na EIR online sa:
https://www.portofsandiego.org/public-records/port-updates/notices-disclosures/ceqa-documents.
Available rin ang Draft na EIR para suriin sa sumusunod na mga lokasyon: National City Public Library, 1401 National City, CA 91950; Logan Heights Library, 567 S 28th Street, San Diego, CA 92113; at Port of

San Diego Administration Building, 3165 Pacific Highway San Diego, CA 92101. Para sa tulong, mangyaring kontakin si Peter Eichar, Principal Planner, sa peichar@portofsandiego.org o (619) 686-6284.

**Mga Komento ng Publiko sa Draft na EIR:** Available ang Draft na EIR para sa 45 araw na panahon ng pagsusuri ng publiko na magsisimula sa Huwebes, ika-29 ng Enero, 2026 at matatapos nang 5:00 p.m. sa Lunes, ika-16 ng Marso, 2026. Ang mga sulat para sa komento na nagsasabi ng partikular na mga alalahanin sa kapaligiran kasama ang Draft na EIR ay dapat ipadala sa koreo sa: San Diego Unified Port District, Attn: Peter Eichar, Principal Planner, Climate and Sustainability Department, P.O. Box 120488, San Diego, CA 92112-0488 o i-email sa peichar@portofsandiego.org.